Ang pagtatalik na sekswal ay maaaring maging isang nakakaganap at kasiya-siyang bahagi ng isang pagsasamang kasal o matalik na relasyon. Ang malusog na aktibidad na sekswal ay maaaring makabuti sa ating katawan, isipan at diwa. Kasangkot sa malusog na pagtatalik na sekswal ay ang pagbibigay-pahintulot ng parehong tao na nasa relasyon. Kapag naganap ang aktibidad na sekswal nang walang malayang ibinibigay na pahintulot ng parehong partido, ito ay labag sa batas. Saklaw nito ang lahat ng mga tao sa lahat ng mga sitwasyon kabilang ang pagsasamang kasal. Ikaw ay may karapatan na pakitunguhan nang may respeto kung ayaw mong gawin ang isang pagtatalik na sekswal. May karapatan kang mag-umpisa, magbigay-pahintulot o tanggihang isagawa ang isang gawaing sekswal kasama ang iyong kapareha/asawa.

ANG KARAHASANG SEKSWAL ay ang anumang aktibidad o pag-aasal na likas na sekswal at hindi ginugusto, at/o ipinupuwersa sa isang tao ng iba pang tao/mga ibang tao. Ang karahasang sekswal ay isang aktibidad o pag-aasal na likas na sekswal na isinasagawa nang walang pahintulot, at/o kung saan may ginamit na pamimilit.

ANG PAHINTULOT ay ang kaparaanan ng kasunduan na ipinapahayag nang malaya at nang walang panggigipit, at batay sa lahat ng impormasyon maaring makuha.

ANG PAMIMILIT ay ang paraan na ginagamit upang ipagawa sa isang tao ang isang bagay na hindi nila gustong gawin. Maaaring kabilang dito ang pisikal na puwersa at pananakot, panliligalig sa pamamagitan ng salita, paggamit ng damdamin o emosyon, o ng paniniwala sa kultura o relihiyon upang makontrol o matakot ang kanilang kapareha/asawa at masunod ang kanilang kagustuhan, paghihigpit ng mga pangunahing karapatan ng tao at/o ang pagbabantang gawin ang alinman sa mga ito.

Sa sekswal na karahasan ay maaaring kabilang ang panghihipo, panggagahasa, panonood ng materyal na sekswal na nakakapampababa o bastos, paglahok sa paggawa ng materyal na sekswal na nakakapampababa o bastos o ang sekswal na panliligalig sa lugar ng trabaho o sa bahay.

**Mayroon kang karapatan na maging ligtas at mapayapa na ikaw ay ligtas sa karahasang pisikal at sekswal.**

Ito ay nangangahulugan na:

- Wala kang tungkulin sa sinuman na makipagtalik sa kanila sa sekswal na paraan. Hindi mo kailangang lumahok sa isang gawaing sekswal dahil lamang sa ikaw ay may relasyon sa isang tao, ikinasal sa kanila o dahil sila ay malapit mong kamag-anak.
- Ang iyong kapareha/asawa ay walang karapatan upang saktan ka, puwersahin ka o gipitin ka na lumahok sa isang aktibidad na sekswal nang wala kang pahintulot.
- Mayroon kang karapatan na piliin kung kailan, saan at paano mo gustong lumahok sa pagtatalik na sekswal.
- Hindi mo kailangang maramdamang ikaw ay may-sala sapagkat ayaw mong makipag-talik sa iyong kapareha/asawang lalaki.
- Hindi mo kailangang maramdaman na ikaw ay may-sala kapag ayaw mong makipagtalik na sekswal sa iyong kapareha/asawa.
- Hindi mo kailangang pumayag na makipagtalik dahil lamang na sa akala mo ay kailangan ito ng iyong kapareha/asawa at tungkulin mo na tugunan ang lahat ng kaniyang mga pangangailangan sa lahat ng oras.
- Hindi ka maaaring puwersahin ng iyong kapareha/asawa na makipagtalik sa kanila sa pamamagitan ng pananakot na ikaw ay ipapa-diporta o di kaya'y mawawalan ka ng karapatang manirahan sa Australia.

## Ano ang aking nararamdaman kung hindi ako inakikitunguhan nang may respeto?

Nasaktan
**Nadaya**
**Nataranta**
Galit
Nalitop
Malungkot
Masama ang palagay sa aking sarili
Nag-iisa
*Natatakot*
Nahihiya
Wala akong kwenta
**NANLILIIT**
**Hindi mahalaga**
May-sala
Niwalang-bahala
Balisa

- Kahit ano pa man ang kulturang pinanggalingan mo o ng iyong kapareha/asawa, kailanman ay hindi tama/wala sa matuwid ang paghipo sa iyo nang laban sa iyong kagustuhan, pagpuwersa sa iyo o paggipit sa iyo na lumahok sa isang gawaing sekswal.

Maraming mga dahilan kung bakit ang isang tao na di kinagisnang magsalita ng Ingles ay nahihirapan na makipag-usap tungkol sa kung ano ang nangyayari sa kanyang relasyon o pagsasamang-kasal:

- Maaaring sa pakiramdam mo ay sinisira mo ang reputasyon ng iyong pamilya, o inilalagay mo sa panganib ang reputasyon ng iyong pamilya, kapag iyong pinag-usapan ang tungkol sa kung paano ka itinuturing ng iyong kapareha/asawa.
- Maaaring sa pakiramdam mo ay kasalanan mo na hindi iginagalang ng iyong kapareha/asawa ang iyong mga karapatan kung kailan at saan mo gustong lumahok sa isang gawaing sekswal.
- Ang mga balakid sa wika at kultura ay maaaring magpahirap sa iyo upang makipag-ugnayan sa mga organisasyon para sa tulong.
- Maaaring nakaranas ka na sa Australia ng mga mapagmatang pag-uugali ukol sa lahi at sa isip mo, ang pinaka-magandang gawin ay ang magkimkim sa sarili.
- Maaaring natatakot ka na sisisihin ka ng iyong mga kaibigan sa komunidad at sa lugar ng pagsamba dahil sa mapag-abusong asal ng iyong kapareha/asawa.
- Maaari mong isipin na nakakahiyang makipag-usap sa ibang tao tungkol samga gawaing sekswal.
- Maaaring sa iyong pakiramdam ikaw ay hindi tapat sa iyong komunidad na pang-kultura at relihiyon kapag sinabi mo kung anu-ano ang ginagawa ng iyong kapareha/asawa.
- Maaaring pinalaki ka na naniniwala na kailangan mong sundin ang mga hinihingi ng iyong kapareha/asawa kasama ang mga kahilingang pang-sekswal.
- Bilang isang imigrante o refugee sa Australia, maaaring natatakot kang makipag-ugnayan sa mga maykapangyarihan tulad ng pulisya, lalo na kung nagkaroon ka dati ng mga masasamang karanasan sa pulisya ng Australia o sa mga maykapangyarihan sa iyong pinagmulang bansa.

## Kung ano ang ginawa ng ilan sa atin...

"Ang pakikipag-usap sa isang taong aking pinagkatiwalaan ay nakatulong sa akin na maging mas matatag at mas may kakayahan na magpasiya kung ano ang gusto kong gawin."

"Iniwan ko siya. Nagpunta ako sandali sa isang Kanlungan ng mga Kababaihan (Women's Refuge), at sa pamamagitan ng kanilang suporta at tulong ay nakahanap ako ng aking sariling lugar. Nakakuha ako ng diborsyo mula sa kanya at ngayon, ang pakiramdam ko ay ligtas na ako."

"Nakipag-usap ako sa isang nagtatrabaho sa Serbisyo ng Pagsuporta sa mga Imigranteng Kababaihan (Immigrant Women's Support Service) na siyang nagbigay sa akin ng impormasyon na nakatulong sa akin na linawin kung ano ang nangyayari sa akin."

"Nagpunta ako sa pulisya at nagbigay ng pahayag: inaresto siya. Nagpunta kami sa paglilitis at ikinulong siya ayon sa tatlong asunto ng panggagahasa para sa kaniyang ginawa sa akin habang kami ay nagsasama nang kasal."

"Nakipag-usap ako sa aming pari na nagsabi sa akin na ang pagpupuwersa ng aking asawa na makipagtalik sa akin ay isang paglabag sa aming mga sinumpaan sa kasal at isang paglabag sa pagka-banal ng kasal. Sinabihan niya akong huwag magdamdam na ako ay may-sala dahil ipinagsabi ko ito at humihingi ako ng tulong."

"Nakipag-usap ako sa isang kaibigan na siyang nakipag-ugnay sa akin sa isang Serbisyo para sa Panghahalay na Sekswal (Sexual Assault Service). Lumahok ako sa pagbibigay-payo at napagtanto ko na hindi ako dapat sisihin sapagkat pinuwersa ako ng aking kapareha na makipagtalik ".

"Nakakuha ako ng kautusan ukol sa pantahanang karahasan (domestic violence order) laban sa aking kapareha. Nakatulong sa akin dito ang mga serbisyo ng pantahanang karahasan (domestic violence services), pulisya at serbisyong pambatas (Legal Aid)"

"Sinabi sa akin ng aming pastor na huwag kong isipin na ako ay may-sala sapagkat umalis ako. Ang patuloy na panggagahasa sa akin ng aking asawa sa nakalipas na mga taon ay nakasira sa pagtitiwala at pagmamahalan sa aming pagsasamang-kasal. Sinabi ng aking pastor na hindi dapat gamitin ang Bibliya upang magbigay-dahilan para sa pang-aabuso."

"Tuwing may makikilala akong iba pang mga kababaihan na may parehong kalagayan, ibinabahagi ko sa kanila ang impormasyon na aking nakamit sa pamamagitan ng aking karanasan at hinihikayat ko silang manindigan para sa kanilang sarili at para sa kanilang mga karapatan."

"Tumagaw ako sa Serbisyo ng Pagsuporta sa mga Migranteng Kababaihan (IWSS). Tinulungan nila akong makahanap ng isang ligtas na lugar, at binigyan ako ng impormasyon ukol sa kung paano ako makakakuha ng aking sariling kita sa pamamagitan ng Centrelink at paano ko maiuulat ang aking kaso sa pulisya."

## Ang Karahasang Sekswal sa anumang relasyon ay labag sa batas at isa itong krimen sa Australia.

### Makakatulong ang mga Serbisyong Ito

Ang Serbisyo ng Pagsuporta sa mga Imigranteng Kababaihan (IWSS) ay nagdudulot ng suporta sa mga kababaihan at kabataan na di-nakagisnang magsalita ng wikang Ingles at nakaranas ng pantahanang karahasan at/o panghahalay na sekswal. Tumutulong din ang IWSS sa mga kababaihan na di-nakagisnang magsalita ng wikang Ingles upang makakuha ng mga serbisyo na na-aangkop sa kani-kanilang mga pangangailangan. Ang IWSS ay may mga tagapayo at pang-suportang trabahador na propesyonal, at nagsasalita ng dalawang wika at nagdudulot ng kumpidensyal na pagbibigay-payo, pagsasangguni, pagsuporta at pagtataguyod na may kaugnay sa mga bagay-bagay ukol sa kalusugan at batas. *Maaaring makakuha ng mga propesyonal na interprete o tagasalin sa wika kung kinakailangan.*

**Ang mga serbisyo ng IWSS ay ibinibigay nang walang bayad.**

Copyright © 2002 Migrant Women's Emergency Support Service Inc.
Revised 2005

Produced by Immigrant Women's Support Service
with funding provided by Queensland Health.
Multilingual Communications by Aradia Creative